# Modyul 15
# Pagsusuri ng Akda Batay sa Panlipunan o Sosyalismong Pananaw



## Tungkol saan ang modyul na ito?

Marami-rami na rin ang paksang natalakay natin at ngayong araw na ito ay may panibagong aralin akong inihanda para sa iyo. Isang aralin na tiyak kong maiibigan mo sapagkat may kaugnayan ito sa katayuan ng iyong pamumuhay sa lipunang iyong kinabibilangan.

Maitanong ko lang… Saan ka ba nabibilang sa uri ng mga mamamayang naninirahan sa ating bansa, sa mahihirap ba? Sa mayayaman? O sa mga mamamayang nasa katamtamang antas ng pamumuhay?

Minsan o kadalasan, may mga pinagbabatayan tayo kung kailan masasabing mayaman o mahirap ang isang indibidwal. Kailan nga ba talagang masasabing mayaman o mahirap ang isang tao? Makikita ba ito sa uri ng pamumuhay na taglay nila? Sa paraan ng kanilang pananalita? Sa mga pagkaing natitikman sa araw-araw? Tama! Ilan lamang ito sa ating ginagawang batayan kung kailan masasabing ang isang tao ay mayaman o mahirap.

Bawat taong naninirahan sa mundong ibabaw ay may kani-kaniyang katangian, pananaw at paniniwala sa buhay.

Sa ganang akin, higit kong pinupuri at hinahangaan ang mga taong may sariling paninindigan sa buhay. Yaong uri ng taong ipinaglalaban ang kanyang karapatan sa alam niyang tama at makabubuti hindi lamang para sa kanya kundi pati na rin sa iba. May mga kakilala ka bang tao na taglay ang ganitong katangian? Katulad ka rin ba nila?

Ang mga bagay na ito ang may kaugnayan sa paksang iyong matutunghayan sa modyul na ito. Katulad ng nasabi ko kanina, tinitiyak kong magugustuhan mo ang nobelang ito ni Lope K. Santos, ang **Banaag at Sikat**.

## *Ano ang matututunan mo?*

Nasusuri ang akda batay sa mga tiyak na pamantayan ayon sa iba't ibang pananaw sa panitikan

## *Paano mo gagamitin ang modyul na ito?*

Ang modyul na ito ay isang gabay tungo sa pansariling pagkatuto. Gagamitin mo ito bilang patnubay sa tulong ng mga tuntunin.

Narito ang ilang bagay na maaari mong sundin at gawin upang maging makabuluhan at wasto ang iyong paggamit sa modyul na ito.

1. Sagutin mo ang Panimulang Pagsusulit o ang bahaging Ano Ba ang Alam Mo? Gabay ito upang masukat ang lawak ng iyong kaalaman sa paksa.

2. Isagawa mo ang Panimulang Gawain. Makatutulong itong mabuksan ang iyong isipan tungkol sa pakikipaglaban sa karapatan at wastong paninindigan

3. Basahin at unawain mong mabuti ang nilalaman ng akda.

4. Pag-aralan at isagawa mo ang mga gawaing inihanda ko kaugnay ng araling ito. May mga panuto kang mababasa kung paano ito isasagawa.

5. Sa tulong ng Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro, iwasto mo ang iyong mga sagot. Huwag kang mag-alala kung magtamo ka man ng mga kamalian. May ilan pang gawain na magpapalalim at magpapaunlad ng iyong kaalaman.

6. Suriin mo kung madaragdagan ba ang iyong kaalaman. Sagutin mo ang iyong pangwakas na pagsusulit o ang bahaging Gaano Ka Na Kahusay? Pagkatapos, iwasto mo ang iyong mga sagot sa tulong ng susi na nasa iyong guro. Maging tapat ka sa pagwawasto.

7. Gamitin mo nang wasto ang modyul sapagkat makatutulong ito upang mapalawak ang iyong kaalaman. Sagutin mong mabuti at huwag mong susulatan. Gumamit ka ng hiwalay na notbuk o papel sa pagsagot.

8. Kaibigan mo ang modyul na ito. Ang isang kaibigang nagmamalasakit ay dapat mong pahalagahan sapagkat mahalaga ka rin dito.



## *Ano na ba ang alam mo?*

- Layo ng pagsusulit na ito na masukat ang dati mo nang kaalaman sa paksa. Huwag kang matakot na sagutin ang mga ito.

  Sige simulan mo na!

Piliin at isulat mo ang letra ng wastong sagot sa bawat bilang.

1. Tinuligsa ng mga manggagawa ang pamamalakad ng administrasyon. Ano ang ginawa ng mga manggagawa?

   a. sumalungat  b. pumanig  c. naghamon  d. tumutol

2. Ang salitang ugat ng salitang may salungguhit sa unang bilang ay

   a. tulig  b. ligsa  c. tinulig  d. tuligsa

3. Mga tungayaw at kalaswaan ang lumalabas sa bibig ng senyora. Samakatuwid, siya'y

   a. nagtitimpi  b. nagagalit  c. naiinis  d. nanlilibak

4. Madalas binubugbog ng amo ang kanyang utusan sa tuwing nalalasing. Ang pambubugbog ng amo ay nagpapatunay ng ______ ng kanyang pagkatao.

   a. kalakasan  b. katapangan  c. karahasan  d. kalupitan

5. Sa kabila ng pambubugbog ng amo ay pilit pa rin itong pinagtitiisan at pinagpapasensyahan ng utusan. Ito ay nagpapakita ng kanyang pagiging

   a. matiisin  b. matimpi  c. maamo  d. mahina

6. Ang taong may paninindigan ay :

   a. nag-iisip  b. sunud-sunuran  c. hindi umaayaw  d. may prinsipyo

7. Taglay niya ang katangiang :

   a. matatag  b. matapang  c. may isang salita  d. lahat ng nabanggit

8. Bawat mamamayan ay nasasakop ng batas na pinaiiral sa pamayanan. Ito ay pananaw :

   a. pambansa b. pangkultural c. panlipunan d. panrelihiyon

9. Sa kasalukuyan, maraming suliraning panlipunan ang ating bansa. Ito ay tumutukoy sa pananaw :

   a. pangkultural b. pansosyal c. panrelihiyon d. pang-emosyonal

10. Ang kuwento ay kinapapalooban ng sumusunod maliban sa:

   a. simula b. wakas c. tagpuan d. balik-gunita

Iwasto ang iyong sagot sa tulong ng susi sa pagwawasto na nasa iyong guro.

Kumusta ang nakuha mong iskor? Naging mahirap ba o madali para sa iyo ang paunang pagsusulit? Huwag kang mag-alala sa naging resulta nito o iskor na iyong nakuha. Sinusukat lamang ng pagsusulit na ito ang dati mo nang taglay na kaalaman tungkol sa paksa.

# V. Aralin 1 – Banaag at Sikat

## A. Anu-ano ang mga tiyak na matututunan mo?


1. Nasusuri ang pagkakabuo ng salita at nabibigyan ng tamang kahulugan.
2. Nasusuri ang positibo/ kalakasan at negatibo/ kahinaang taglay ng tauhan batay sa kanyang kilos, paniniwala, at gawi.
3. Nasusuri ang akda sa pamamagitan ng pagtukoy sa mga bahaging nagpapahayag ng panlipunan o sosyalismong pananaw
4. Napapatunayang ang pagkakaroon ng sariling paninindigan sa buhay ay mahalaga sa pakikibaka sa lipunang ginagalawan

5. Nakabubuo ng isang kuwento batay sa mga klung ibinibigay.

## *Mga Gawain sa Pagkatuto*

**1. Alamin mo…**

- Nakasaksi ka na ba ng welga ng mga manggagawa? Ano ang karaniwang nakasulat sa kanilang mga plakards? Piliin mo ang titik sa loob ng kahon sa ibaba na maaaring maging laman ng sumusunod na plakards.




a. Huwag matakot! Makibaka!
b. Gutom na kami noon, gutom pa rin ngayon!
c. Itaas ang suweldo ng mga mangagawa!
d. Patalsikin ang naghaharing uri sa paggawa!
e. Kapitalismo – kinikitil ang sector ng manggagawa!
f. Welga kami! Welga kami!
g. Juan dela Cruz, Alipin ng Kapitalista!
h. Mahal ka namin Pangulong Arroyo!
i. Sabwatang Amerikano Pilipino, Pumapatay sa Kasarinlan ng Pilipinas!

- Nasikil ba ang iyong kalooban? Makapigil hininga ba ang iyong mga nabasa? Huwag kang

kabahan!  Isa lamang itong paraan ng pagpaparating ng hinaing sa mga kinauukulan.

Ngayon, hingin mo ang susi sa pagwawasto sa iyong guro at iwasto mo ang iyong mga sagot.

**2. Basahin mo…**

- Bagamat ang akdang iyong mababasa ay buod na, ito ay nagmula sa isang nobela ni Lope K. Santos.  Punung-puno ito ng mga panlipunan at sosyalismong pananaw.  Mapatutunayan mo rin sa akdang ito na ang pagkakaroon ng sariling paninindigan sa buhay ay mahalaga sa pakikibaka sa lipunang ginagalawan.

  Handa ka na  ba?

  Simulan mo na!

**Banaag at Sikat**
**Lope K. Santos**

1. Ang nobela o kathangbuhay ay nagsasalaysay ng higit na malawak na pangyayari sa maikling kuwento.  Binubuo ito ng isang kawil ng mga kawili-wiling pangyayaring sumasaklaw sa isang mahabang panahon.  Hinabi ito sa isang mahusay na balangkas na nagtataglay rin ng tagpuan, mga tauhan, kasukdulan at pinakapangunahing sangkap, ang pagkakalaban ng mga hangarin ng bayani sa isang dako at ng hangarin naman ng kanyang katunggali sa kabila.

2. Ipinapalalagay na ang  Banaag at Sikat ni Lope K. Santos ay isang nobelang panlipunan, sapagkat itinampok dito ang mga suliranin ng lipunan, tulad ng pagsasamahan ng puhunan at paggawa, pag-aasawa ng isang mahirap sa isang anak-mayaman, mga kaugalian sa paghahanda at pagdalo sa handaan.  Tinalakay rin dito ang tungkol sa pananampalataya at kaugalian nito.  Ito ang nobelang unang bumandila sa sosyalismo sa Pilipinas.  Narito ang buod ng nobela.

3. Mayo, 1904.  Panahon ng paglalakbay sa Antipolo.  Kabilang sa mga taga-Maynilang naroon ang mga mag-anak nina Don Ramon Miranda at Don Filemon Borja.  Kasama ni Don Ramon ang dalawang niyang anak na sina Talia at Meni.  Kasama rin ni Don Filemon ang kanyang asawang si Ñora Loleng at ang kaisa-isang anak nila, si Isiang.

4. Habang ang ibang taga-Maynila ay nagsisipaligo sa batis, sina Talia at Meni ay nanguha ng duhat.  Dumating sina Felipe at Delfin.  Si Felipe ay inaanak sa kumpil ni Don Ramon.  Pinabayaan na ito ng amang mayamang taga-Laguna dahil sa pagpapabaya nito sa pag-aaral.  Kina Don Ramon nakatira si Felipe.  Siya ay manlilimbag samantalang si Delfin ay manunulat sa pahayagang Bagong Araw.  Sila'y matalik na magkaibigan at kapwa kasapi sa union ng mga manggagawa.

5. Tinuligsa ng dalawang Don ang masasamang gawi ng mga manggagawa tulad ng pagsasabong, pagsusugal, kahambugan sa pagkain ng masasarap at pagbibihis ng marikit na daig pa ang mayayaman.

6. Inamin ni Delfin ang pagtataglay ng masasamang hilig ng ilang manggagawa datapwa't hindi raw lahat ay gayon. Karalitaan na rin daw ang ipinagkakagayon ng maraming manggagawa. Natalakay ang pagpapasunod sa mga manggagawa sa mga alila, at sa mga kasama sa bukid. Ang salitaan ay uminit. Nagdamdam ang dalawang matandang mayaman sa mga sinabi ni Delfin. Sa lakas ng kanilang pagsasagutan ay nangapadalo ang mga naliligo. Ang pag-uusap ay napayapa ni Honorio Madlang-layon, isang abugadong katipan ni Talia. Sina Delfin at Felipe ay nahimok na lumayo. Si Delfin ay lumuwas sa Maynila ngunit naiwan si Felipe.

7. Pagkalipas ng apat na araw, si Felipe'y may taglay na sulat mula kay Meni para kay Delfin. Ipinagbilin sa sulat na huwag munang dadalaw si Delfin sa tahanan ng dalaga dahil sa matinding galit ni Don Ramon. Ngunit sa tulong ni Felipe ay nakuhang magkita nina Delfin at Meni sa Gloryeta sa halamanan nina Meni. Sinundan pa ito ng maraming pagtatagpo kung gabi. Si Felipe naman at si Tentay na anak ni Mang Andoy ay magkasintahan. Bago namatay ang ama ni Tentay ay ipinagbilin ng mag-asawa kay Felipe ang dalaga.

8. Marangal ang kasal nina Talia at Yoyong. Nalungkot si Meni. Hindi nila kaya ni Delfin ang gayong kasalan.

9. Isang masayang hapunan at isang ***regodon de honor*** ang idinaos sa bahay ni Don Ramon. Maraming mga panauhing kilala at mayayaman ang nagsidalo. Masaya si Don Ramon sapagkat gusto niya si Honorio Madlang-layon na maging asawa ni Talia. Sa pagkakataong yaon ay nagkaroon ng alingasangas likha ng mag-inang Ñora Loleng at Isiang. Nahuli niya ang anak na kausap sa sutea ang binatang manliligaw na si Marti Morales. Mga tungayaw at kalaswaan ang lumabas sa bibig ni Ñora Loleng. Mabuti't napayapa ni Don Ramon ang galit na ina.

10. Si Felipe, matapos kumain ay pumanhik na sa kanyang kuwarto. Binulay-bulay niya ang gayong pagwawaldas ng mga mayayaman, samantalang ang mga mahihirap ay dumaranas ng di hamak na kagipitan.

11. Pagkalipas ng ilang buwan ay nakita ni Talia ang pagbabago sa katawan ni Meni. Tinangkang magtanan ni Meni sa takot sa ama subalit nahikayat ni Talia na ipaubaya sa kanilang mag-asawa ang malaking suliranin ng dalaga, ang pagdadalang-tao.

12. Kinausap muna ni Talia at ni Yoyong si Delfin. Si Delfin ay nangakong pananagutan niya ang lahat. Ngunit si Don Ramon ay tutol na makasal si Meni kay Delfin. Dinaluhong nito't sinampal at sinipa si Meni.

13. Si Don Ramon ay kina Don Filemon nakatira. Kung wala si Felimon ay nagkakasundo sina Ñora Loleng at Don Ramon habang sina Morales at Isiang ay nagkakaigihan ng usapan. Umabot ito sa kaalaman ni Don Filemon sa tulong ng isang sulat na walang lagda. Gawa ito ni Julita, isang dalagang kalaguyo ni Don Ramon. Sinaktan ng Don ang asawa subalit nagkaila si Ñora Loleng. Ipinatawag ni Don Filemon si Don Ramon na noon ay nasa piling ni Julita sa San Miguel. Nagkaila rin si Don Ramon.

14. Si Don Ramon ay umuwi sa kanila at naratnan niyang nasa silid ni Meni si Delfin. Mabilis na nakaalis ang lalaki kung kaya si Talia ang napagbuntunan ng galit. Mula noon tanging si Madlang-layon lamang ang kinakausap ni Don Ramon. Lingid sa kaalaman ng kanyang anak ay binalak niyang mangibang bansa upang doon na hintayin ang kanyang kamatayan. Nahimok ni Madlang-layon ang Don sa pagpapakasal nina Delfin at Meni. Pumayag ang matanda sa kasunduang hihiwalay na sa kanila si Meni. Ang kasalan ay kabaligtaran ng kasal nina Talia at Yoyong. Ang mag-asawang Delfin at Meni ay sa tiya ni Delfin tumira.

15. Samantala, si Felipe na ipinagsama ng amang si Kapitan Loloy sa probinsya ay patakas na bumalik sa Maynila, kasama ang isang alila. Kina Delfin siya tumuloy. Nang dalawin niya ang kasintahang si Tentay ay hiniling ng kasintahang magsama na sila bilang mag-asawa kahit na hindi sila kasal sapagkat hindi siya naniniwala sa kasalan. Hindi sana payag ang dalaga sa simula subalit umayon din ito.

16. Buo na sa isip ni Don Ramon ang maglakbay ng ibang bansa. Isinasaayos nito ang mga kasulatan tungkol sa kanyang kayamanan at mga ari-arian sa tulong ni Madlang-layon na dati'y may magandang loob ay naging sakim sa kayamanang mamanahin nila ni Talia. Naglakbay si Don Ramon na kasama ang alilang si Tikong.

17. Si Madlang-layon ay ginigiyagis ng sariling budhi sa simula dahil sa ginawang kasulatan ni Don Ramon na nag-alis ng mana kay Meni. Alam niyang iyon ay labag sa batas sapagkat walang batayan.

18. Labis na ipinagdamdam ni Meni ang pag-alis ng ama, lalo na ang mabatid na hindi siya isinama sa testamento. Nagkagalit sila ng kanyang kapatid na si Talia at ng asawa nitong abogado. Nasabi ni Meni kay Delfin na mabuti'y maghabol sila sa hukuman. Ngunit para kay Delfin ay masarap pa ang mabuhay ng maralita kaysa gawin ang gayon bagama't alam niyang sila'y nasa matuwid.

19. Hindi nagtagal at nagsilang si Meni, lalaki. Si Felipe ang naging ninong ng bata. Masaya sila sa binyagan. Subalit sa gitna ng gayong galak ay dumating ang balita buhat sa Amerika. Si Don Ramon ay pinatay ni Tikong, ang alilang kasama sa paglalakbay.

20. Ang bangkay ng Don ay inuwi ng pamangking si Doroteo Miranda na nag-aaral sa Madrid. Kasama ang isang binata, si Ruperto, na naglilingkod sa isang bar habang nag-aaral sa Amerika. Si Ruperto ay kapatid ni Tentoy na nakipagsapalaran sa paglalayas. Si Ruperto ang nakakaalam kung bakit pinatay ni Tikong si Don Ramon. Napuno ang utusan sa ginagawang paglalasing at pambubugbog ni Don Ramon. Natutulog si Don Ramon ng patayin ni Tikong. Si Tikong ay hindi matunton, nangibang-lupain ito.

21. Ang bangkay ay inilibing-hari sapagkat ang namatay ay si Haring-salapi, lakas-ginhawa, gat-yaman, at apu-puhunan.

22. Hindi nakasama sina Talia at Meni. Naiwan sila sa bahay kasama si Ñora Loleng. Sa libingan ay nawili sa pag-uusap ang magkumpareng Delfin at Felipe tungkol sa sosyalismo. Samantala, si Ruperto ay nagtapat ng pag-ibig kay Marcela na kapatid ni Felipe habang naroon sila sa libingan.

23. Sa bahay ng namatay ay nahalata ni Delfin ang matinding galit sa kanya nina Kapitan Loloy at Doroteo nang ipakilala siya ni Madlang-layon sa mga ito. Sa tulong ni Ruperto ay nalaman ni Delfin ang lahat ng pagtuligsa sa kanyang pagkatao nina Don Felimon, Madlang-layon at iba pang nagtitipon sa bahay nina Talia. Nalaman din ni Delfin ang balak na si Meni ay pahiwalayin sa kanya. Si Meni ay nagtanggol sa asawa. Tinukoy din niya ang taong may kagagawan upang sila'y hindi magkamit ng mana. Lumubha ang pag-uusap. Napahinto ang hapunan ng di pa oras.

24. Nang hilahin ni Delfin ang asawa upang umalis na sila ay pinagtulungan siya nina Madlang-layon at Siyano. Sa gayon ay lumantad si Felipe at sinabi kay Delfin na hindi ito nag-iisa. Binalaan ni Felipe ang mayayaman hinggil sa aabutin ng mga ito. Sinampal siya ng kanyang ama. Ipinamukha naman niya sa ama at sa lahat ng naroroon ang mga kamaliang kanilang ginagawa.

• Nabago ba ang iyong paninindigan sa buhay matapos mong mabasa ang akda? Gawin mo ang iba't iba pang gawain na higit na magpapalawak at magpapalalim sa iyong kaalaman.

**3. Linangin mo…**

**a. Pagsusuring Panlinggwistika**

- Basahin mo ang sumusunod na mga pangungusap. Pagkatapos isagawa mo ang hinihingi ng tsart sa ibaba.

1. Nakipagsapalaran siya sa magulong buhay ng paglalayas sa Amerika.

2. *Binulay-bulay* ni Felipe ang ginawang *pagwawaldas* sa kanilang kabuhayan ng mga mamamayan.

3. Ang bangkay ay binigyan ng *libing- hari* sapagkat ang namatay ay si *Haring – salapi, lakas – ginhawa, gat-yaman at apu-puhunan*.

4. Si Madlang- Layon ay *ginigiyagis* ng sariling budhi dahil sa kasulatan ni Don Ramon na nag-aalis ng mana kay Meni.

5. *Napuno* ang utusan sa ginawang paglalasing at pambubugbog ni Don Ramon.

- Isulat mo lahat ng mga salitang nakaitalika sa hanay ng mga salita. Pagkatapos suriin ito ayon sa hinihingi ng tsart. Sundin mo ang halimbawa.

| Mga Salita | Salitang-ugat | Panlapi | Anyo | Kahulugan |
|---|---|---|---|---|
| Patalsikin | talsik | pa-in | maylapi | paalisin |

**b. Pagsusuring Pangnilalaman**

- Isulat mo ang **P** kung nagpapakita ng positibo o kalakasan sa kilos, paniniwala o gawi ng tauhan ang sumusunod na mga pahayag. At **N** kung nagpapakita ng negatibo o kahinaan.

1. Pagpapabaya ni Felipe sa pag-aaral.

2. Pagsasabong, pagsusugal, kahambugan sa pagkain ng masarap at pagbibihis ng marikit ng mga manggagawa na daig pa ang mayayaman.

3. Pagmamalasakit ni Felipe sa kalagayan ng mahihirap taliwas sa mayayaman.

4. Pangako ni Delfin na pananagutan niya ang pagdadalan tao ni Meni.

5. Pagkakaroon ng kalaguyo ni Don Ramon.

6. Panghihimok ni Madlang-layon kay Don Ramon na pumayag nang pakasal si Delfin at Meni.


7. Pag-aaya ni Felipe sa kasintahang si Tentay na magsama na sila kahit di pa kasal sapagkat di siya naniniwala sa kasalan.

8. Pagpatay ng utusan kay Don Ramon dahil sa ginawang paglalasing at pambubugbog nito sa kanya.

9. Pagkukunwari ni Don Felipe na di niya alam na may kalaguyo o kerida ang kaibigang si Don Ramon.

10. Pagkamaringal ng kasalang Talia at Yoyong kung kaya't namangha ang mga tao sa karangyaan ng handaan.

• Paghambingin mo ang mga tauhan sa akdang ito ayon sa kanilang kilos, gawi at paniniwala. Gamitin mo ang **venn diagram** sa ibaba.




### c. Pagsusuring Pampanitikan

Bago mo isagawa ang gawain sa ilalim nito mahalagang pag-aralan mo muna ang nasa loob ng kahon. Higit na makatutulong ito sa iyo sa lubusan mong pag-unawa ukol sa panlipunan at sosyolismong pananaw.

> Batid mo ba na ang isang akdang pampanitikang tumatalakay sa kalagayang panlipunan sa isang tiyak na panahon ay humihingi ng pamaraang sosyolohikal. Dito'y mahalagang mabatid mo ang kapaligirang sosyolohikal ng akda upang maipaliwanag ang kahulugan ng seleksyon. Sa pamamagitan din ng pagdulog na ito ay maipakikita ang iba't ibang katauhan at pagpapahalagang may kaugnayan sa sektor ng lipunang ipinakikita sa akda.
>
> Dapat mo ring tingnan dito ang interaksyon ng tao sa tao, ng tao sa lipunan. Ang kilos o motibasyon ng isang karakter ay dapat na maayos sa kanyang kapaligiran (environment), edukasyon, mga institusyong panlipunan at iba pang pwersang sosyal.
>
> Ang nobelang **Noli Me Tangere** ni Dr. Jose Rizal, **Sa Mga Kuko ng Liwanag** ni Edgardo M. Reyes at **Banaag At Sikat** ni Lope K. Santos ay ilan lamang sa mga akdang nagpakita ng kontradiksyong panlipunan.

• Muli mong balikan ang binasa mong buod ng akda. Ito ay binubuo ng dalawapu't apat (24) na talata. Sa talahanayan sa ibaba nakatala ang mga kontradiksyong panlipunang ipinakita sa akda. Isulat mo ang bilang ng talata at bilang ng pangungusap na katatagpuan nito.

| Kontradiksyong Panlipunan | Talata Bilang | Pangungusap Bilang |
|---|---|---|
| 1. Pakikipaglaban ng mga manggagawa sa kanilang mga karapatan bilang manggagawa. | | |
| 2. Pag-aasawa ng isang mahirap sa isang anak-mayaman. | | |
| 3. Pagsasamahan sa puhunan at paggawa o ng kapitalista at manggagawa. | | |
| 4. Marangal na kasalan, paghahanda at pagdalo sa handaan. | | |
| 5. Pagkakaroon ng kerida kahit di lingid sa kaalaman ng iba. | | |

• Ngayon naman isulat mo ang **Oo** kung ang bilang ng sumusunod na mga pangungusap ay nagpapatunay sa panlipunan o sosyalismong pananaw at **Hindi** kung di nagpapatunay.

1. Pagbibigay –halaga sa emosyon ng isang nilalang.
2. Pagkakaroon ng malinis na puso't isipan ng isang indibidwal.
3. Hindi paniniwala ni Delfin sa bisa ng kasal.
4. Pagbubuntis na walang bisa ng kasal.
5. Pakikipaglaban ng mga manggagawa sa kanilang mga karapatan bilang manggagawa.
6. Pag-aasawa ng isang mahirap sa isang anak mayaman.

7. Mabuting pagtitinginan ng mga kapitalista at mga manggagawa.

8. Magarbong paghahanda at pagdalo sa handaan.

9. Ipagbigay alam sa taong kinauukulan ang pakikiapid ng isang kaibigan sa isang kerida.

10. Pagpapahalaga sa karapatan ng mga manggagawa.

**d. Halagang Pangkatauhan**

• Maraming "values" ang lumutang sa araling ito. Ang iba'y maaaring nagaganap at ginagawa pa sa kasalukuyan.

Basahin mo ang sitwasyong nasa loob ng kahon. Pagkatapos, ilagay mo sa loob ng **caravan** kung alin ang una mong dapat gawin. Bilang lang ang dapat mong isulat.

| |
|---|
| Isa kang lider manggagawa. Nais ng mga kasamahan mo na itaas ang iyong suweldo subalit hindi kayo pinaunlakan ng inyong kapitalista. Nais nilang magwelga! |


1. Ilapit ang suliranin sa DOLE.

2. Makipagbargain hinggil sa kalagayang nais itaas sa suweldo.

3. Makipag-usap sa kapitalista o namumuhunan.

4. Pulungin ang kapwa manggagawa at iplano ang hakbang na gagawin.

5. Dumulog at humingi ng payo sa isang abogado.



• Marami ka bang natutuhan? Nasiyahan ka ba sa mga inihanda kong gawain?

Hingin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto at iwasto mo ang iyong mga sagot. Kung ang sagot mo sa paghahambing ng tauhan sa ilalim ng pagsusuring pangnilalaman ay katulad ng nasa susi ito ay katanggap-tanggap.

Maging matapat ka sana sa pagwawasto.

**4. Palalimin mo…**

- Matapos mong masagutan ang mga naunang gawain, bibigyan kita ng mga suliranin na nais kong bigyan mo ng solusyon. Tinatawag itong **P-Solve.** Unawain mong mabuti ang suliranin para mabigyan mo ito nang angkop na solusyon.

a.

| |
|---|
| Pareho kayong manggagawa ng iyong matalik na kaibigan sa isang pabrika. Magkababata pa kayo. Minsan, natuklasan mong naglalabas pala siya ng mga gamit na pag-aari ng pabrika. Kasabwat niya ang inyong gwardya. Ano ang gagawin mo? |

b.

| |
|---|
| Bago ka pa lamang sa kompanyang pinagtratrabahuhan mo. Nagkataong may gumagalang papel na nangangailangan ng pirma ng mga empleyado para mapaalis ang inyong "supervisor" sa kanyang pwesto. Ano ang gagawin mo? |

c.

| |
|---|
| Malinis ang record mo sa kompanyang iyong pinapasukan. Katunayan noong nagdaang taon, pinarangalan ka bilang "Employee of the Year" dahil masipag ka at di ka lumiliban. Subalit, tila may kapalit na di maganda ang award mo. Napagbintangan kang kumuha ng cellphone ng inyong boss dahil ikaw lang daw ang naiwan sa kwarto. Alam mong hindi ito totoo! Ano ang gagawin mo? |

- Hindi ka ba nalito?  Sa tingin mo ba'y naibigay mo ang tamang solusyon sa problema?

Kung gayon, kunin mo ang susi sa iyong guro at iwasto mo ang iyong sagot.  Kung ang sagot mo'y katulad ng nasa susi, ito ay katanggap-tanggap.

Maaari ka nang tumungo sa susunod na gawain.

**5. Gamitin mo…**

Piliin mo sa loob ng kahon sa ibaba ang tumutugon sa mga sumusunod na kaisipan.  Bilang lamang ang iyong isulat.

a. Ang mayayaman ay lalong yumayaman at ang mahihirap ay lalong naghihirap.

b. Dahan-dahan ang pag-akay sa mga tao upang mapawi ang kamangmangan ng masa at kasakiman ng ilang manggagawa.

c. Kabulukan ng sistema ng lipunan na pinangungunahan ng mayayamang walang kapararakang lumustay ng salapi samantalang libu-libong mamamayan ang salat sa pagkain at iba pang pangunahing pangangailangan sa buhay.

d. Kailangan ang malawakang reporma upang malihis ang bansa sa marahas na paraan.

e. Hindi lahat ng tao ay nabibili ng salapi.

f. Ang buhay ay isang pakikibaka.

g. Ang isang adhika, matatamo lamang sa sikap at tiyaga.

1. Gradwal lamang ang pagpasok ng mga simulain ng sosyalismo.

2. Pangarap na dumating ang araw na magkaroon ng pagkakapantay-pantay at matamasa ang lubos na kalayaan at patas na ginhawa sa buhay.

3. Kasalukuyang sistema ng pamumuhay sa lipunang ginagalawan.

4. Pagkakaroon ng kalayaan ng mga manggagawa na iparating ang kanilang hinaing sa mga kapitalista sa maayos at mapayapang paraan.

5. Puno ng pagsubok at suliranin ang ating buhay.

6. Maging matatag at ipaglaban ang sariling paninindigan.

7. Ang tao ay may sariling isip, talino at kakayahan.

- Naiangkop mo ba ang mga pahayag sa mga kaisipan? Kunin mo sa iyong guro ang susi at iwasto mo ang iyong mga sagot.

**6. Sulatin mo…**

Nais mo bang maging isang kwentista? May kakayahan ka ba sa pagsulat? Subukan natin ang iyong galing sa pagsulat ng isang kuwento. Madali lang dahil may padron kang susundin.

Pumili ka ng isa sa sumusunod na mga paksa at bumuo ka ng banghay ng isang kuwento.

Pagproprotesta ng mga manggagawa tungkol sa pagtaas ng kanilang suweldo

Pagpapatupad sa batas ng mga kapitalista, magandang benepisyo para sa mga manggagawa

Pagtratrabaho ng mga menor de edad (pagpapalimos, pagtitinda ng dyaryo atbp.)

Matapos kang makapamili ng paksa, gamitin mo ang tsart ng banghay sa ibaba sa pagbuo ng kuwento.  Gamitin mo ang mga pahiwatig na salita.

| | |
|---|---|
| May isang taong<br>( Nagnanais, nangangarap) | |
| Ngunit<br>(But ) | |
| Kaya<br>(So) | |

- Maituturing mo na ba ang iyong sarili bilang isang kwentista?  Natitiyak kong malapit na!

Kung nasundan o nagamit mo nang maayos ang mga pahiwatig na salita sa pagbuo ng banghay ng isang kuwento, ang iyong isinulat ay katanggap-tanggap.  Tingnan mo rin ang padron sa susi ng pagwawasto mula sa iyong guro.

**7. L agumin mo…**

Marami ka bang natutunan sa araling ito?  Napukaw ba ang iyong kamalayan sa relasyon ng kapitalista sa mga manggagawa?

Kung gayon, lagumin mo ang iyong mga natutunan sa pamamagitan ng sumusunod na gawain.

Punan mo ng angkop na salita ang bawat patlang upang maging buo at ganap ang diwa ang pangungusap.

Piliin mo ang angkop na salita sa loob ng kahon sa ibaba.

Bilang isang __1___napakahalagang magkaroon_ng sariling paninidigan sa___2____upang mapaglabanan ang mga pakikibakang pagdadaanan sa __3__ ginagawalawan.

Ang pagkakaroon ng paninindigan ay isang patunay ng pagkakaroon ng katatagan ng __4__at tibay ng __5__ na tumayo sa __6__ ipinaglalaban at alam na tama.

Nararapat ding ilagay sa __7__ at maayos na paraan kung kailan nararapat at hindi nararapat ipaglaban ang prinsipyo ng isang __8__ upang maging maayos ang __9__ ng mga taong naninirahan sa isang lipunan.

| | | | |
|---|---|---|---|
| loob | indibidwal | lipunan | tama |
| buhay | prinsipyo | pagsasamahan | |
| mundo | damdamin | pagtutulungan | |

- Muli mong iwasto ang iyong mga sagot gamit ang susi na nasa iyong guro.

Upang lubos mong masukat kung hanggang saan ang iyong natutunan, sagutin mo ang pangwakas na pagsusulit o ang bahaging Gaano Ka Na Kahusay?

## *Gaano ka na kahusay?*

Basahin mo ang sumusunod na pangungusap. Pagkatapos sagutin mo ang tanong sa ibaba.

Piliin ang letra ng wastong sagot sa bawat bilang.

Mga tungayaw at <u>kalaswaan</u> ang lumalabas sa bibig ni Nyora Loleng.

1. Ang salitang-ugat sa salitang sinalungguhitan.

2. Mga panlaping ginamit sa salitang ito.

3. Ang kahulugang taglay ng salita.

4. Ipinakita ni Don Ramon na siya'y may negatibong pag-uugali o taglay ang pagiging mahina nang:

   a. nagkaroon ng kalaguyo
   b. ayaw ipakasal si Meni kay Delfin
   c. palagiang pambubugbog sa utusan
   d. lahat ng nabanggit

5. Masasabi namang ang kalakasang taglay ni Delfin ay pagkakaroon ng:

   a. sipag at tiyaga b. pakikipagtalo kay Don Ramon
   c. pagtatanan kay Meni d. pakikipagkaibigan kay Felipe

6-7. Alin sa sumusunod na pahayag ang nagpapakita ng panlipunang pananaw?

   a. Pinipilit n'yang matamo ang lahat ng karangyaan.
   b. Sinusunod ng mga mamamayan ang batas na pinaiiral sa pamayanan.
   c. Tumutulong ang pamahalaan sa simulain ng tao.
   d. Mataas ang pananalig ng mga tao sa Diyos.
   e. Maayos na pamamalakad ng mga kapitalista sa larangan ng paggawa.

8. Kailangang lumaganap ang kaisipang sosyalista hindi lamang sa isang bansa kundi sa daigdig. Kapag ito'y naisakatuparan ang tagumpay ay maihahalintulad sa:

   a. buhay na malaya b. demokrasyang tunay
   c. pagkapantay-pantay ng mamamayan d. lahat ng ito

9. Maraming mahirap na ang nagtatagumpay sa buhay at kilala sa lipunan. Puhunan nila ang sipag at _____.

   a. talino b. tiyaga c. pag-uugali d. lahat ng ito

10. Ang pagkakaroon ng sariling paninindigan sa buhay ay tanda ng isang mabuting nilalang. Ang pahayag ay:

    a. katotohanan   b. kasabihan
    c. paniniwala   d. opinion

- Naging madali na ba sa iyo ang pagsagot? Kung ang iskor na nakuha mo ay 7-10, maaari ka nang tumungo sa susunod na modyul. Kung 6 pababa, isagawa mo pa ang sumusunod na gawain.

## VII. Paunlarin mo

Bumuo ka ng kaisipan kaugnay ng naging paksa ng araling iyong binasa. Gamitin mo ang mga sumusunod na mga susing salita sa pagbuo.

1. Manggagawa
2. Pawis
3. Palad
4. Kaunlaran
5. Bansa
6. Anakpawis
7. Kaagapay
8. Pamahalaan
9. Lingapin
10. Salalayan

Halimbawa:

| |
|---|
| Ang manggagawa ang salalayan ng kaunlaran ng bansa. |

Modyul 15
Susi sa Pagwawasto



## Ano na ba ang alam mo?

1. d
2. d
3. d
4. d
5. d
6. a
7. d
8. c
9. b
10 d



## Mga Gawain sa Pagkatuto

Alamin mo…

1. a
2. c
3. f
4. d
5. g
6. e

Sulatin mo

Si Anselmo ay nangangarap makapaghanapbuhay upang maiahon sa kahirapan ang kanilang pamilya.

Ngunit siya’y di matanggap dahil sa menor de edad pa siya.

Kaya naisipan na lamang niyang sumama sa ama at mamasukang kargador sa palengke.

Linangin mo…
Pagsusuring Panglinggwistika

| Mga Salita | Salitang-ugat | Panlapi | Anyo | Kahulugan |
|---|---|---|---|---|
| 1. nakipagsapalaran | Palad | Naka | Maylapi | sinubok ang kapalaran |
| 2. binulay-bulay | bulay-bulay | In | Inuulit | nag-isip-isip |
| Pagwawaldas | Waldas | Pag | Inuulit | Paglustay |
| 3. libing-hari | Hari | | tambalan | marangyang-libing |
| haring-salapi | | | tambalan | taong masalapi |
| lakas-ginhawa | | | tambalan | buhay na maginhawa |
| gat-yaman | Yaman | | Maylapi | sobrang yaman |
| Ginigiyagis | Giyagis | in | Maylapi | Sinusumbatan |
| Napuno | Puno | maylapi | Na | di nakapagtimpi |

Pagsusuring pangnilalaman

| | | |
|---|---|---|
| 1. N | 6. P | Don Ramon at Don Felipe |
| 2. N | 7. N | |
| 3. P | 8. N | Delfin at Felipe |
| 4. P | 9. N | |
| 5. N | 10. N | Talia at Meni |

Pagsusuring Pampanitikan

| Kontradiksyong Panlipunan | Talata Bilang | Pangungusap Bilang |
|---|---|---|
| 1. Pakikipaglaban ng mga Manggagawa sa kanilang mga karapatan bilang manggagawa. | 6 | 1-2 |
| 2. Pag-aasawa ng isang mahirap sa isang anak-mayaman. | 8 | 1 |
| 3. Pagsasamahan sa puhunan at paggawa o ng kapitalista at manggagawa. | 6 | |
| 4. Marangal na kasalan, paghahanda at pagdalo sa handaan. | 9 | 2 |
| 5. Pagkakaroon ng kerida kahit di lingid sa kaalaman ng iba. | 13 | 3 |

| | |
|---|---|
| 1. Oo | 6. Oo |
| 2. Oo | 7. Oo |
| 3. Hindi | 8. Hindi |
| 4. Hindi | 9. Oo |
| 5. Oo | 10. Oo |

Gamitin mo…

| | |
|---|---|
| a. 2 | e. 7 |
| b. 1 | f. 5 |
| c. 3 | g. 6 |
| d. 4 | |

Halagang Pangkatauhan

1. 5
2. 3
3. 2
4. 1
5. 4

Palalimin mo

a. Kakausapin ko siya at hihimuking itigil na ang ginagawa.

b. Hindi ako pipirma sapagkat wala pa akong sapat na dahilan upang makiisa sa kanila.

c. Magpapaliwanag ako at patutunayan kong inosente ako.

Lagumin mo

1. indibidwal/tao
2. buhay
3. lipunan/mundong
4. loob
5. damdamin
6. prinsipyo
7. tama
8. indibidwal
9. pagsasamahan

## *Gaano ka na kahusay?*

1. laswa
2. ka-an
3. hindi maganda
4. d
5. a
6. c
7. e
8. d
9. a
10. a

Paunlarin mo

- Ang mga manggagawa na binubuo ng mga anak pawis ay kaagapay ng bansa sa kaunlaran.
- Lingapin ng pamahalaan ang mga anak pawis.
- Nasa palad ng mga manggagawa ang kaunlaran ng bansa.
- Sa pawis ng mga manggagawa ang salalayan ng kaunlaran ng bansa.

Talahanayan ng Ispesipikasyon

| Modyul<br><br>Bilang | Mga Kasanayan | | | | Pamagat<br>Banaag<br>at Sikat | Genre<br><br>Nobela |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | Pagsasalita | Pagbasa | Pampanitikan | Pagsulat | | |
| 15 | Napatutunayan na ang pagkakaroon ng sariling paninindigan sa buhay ay mahalaga sa pakikibaka sa lipunang Ginagalawan | Nasusuri ang pagkakabuo ng salita at nabibigyan ng tamang kahulugan<br><br>Nasusuri ang Positibo/ kalakasan at Negatibo/ kahinaang taglay ng tauhan batay sa kanyang kilos, paniniwala, at gawi | Nasusuri ang akda sa pamamagitan ng pagtukoy sa mga bahaging nagpapahayag ng Panlipunan o sosyalismong Pananaw | Nakabubuo ng isang kuwento batay sa mga klung ibinibigay | | |